Talunin Ang Init

Tulungan ang mga Alagang Hayop na Talunin ang Init

Setyembre 2011

Kapag tag-init, ito ang panahon na mas malaki ang panganib na ang inyong mga alagang aso ay makaranas ng pinsala o sakit na may kaugnayan sa init. Naririto ang ilang mga tip upang mapanatiling ligtas ang inyong alagang hayop at presko.

Maglaan ng maraming preskong tubig

Ang mga aso ay maaari lamang magpawis sa pamamagitan ng paghingal o sa pamamagitan ng talampakan ng kanilang mga paa. Ang pagkawala ng tubig sa basang bahagi ng kanilang bunganga at ilong ay tumutulong sa pagpapababa ng temperatura ng kanilang katawan. Iwasang matuyuan ang inyong mga alaga sa panahon ng tag-init. Tiyakin na ang inyong mga alaga ay may akses sa preskong tubig kapag nasa bahay o sa araw-araw na paglalakad at paglalabas-labas.

Ingatan sa pagkapaso ng araw

Ang mga sensitibong paa ng inyong mga alaga ay madaling mapaso. Ang tubig, buhangin at bato sa beach ay nagbibigay ng init ng araw – ang inyong alaga ay maaaring magka-sunburn. Ang mga alagang hayop na may maikling balahibo at yaong may kulay rosas na balat o maputing balahibo ay posibleng masunog. Kontrolin ang pagkakalantad ng iyong alaga sa init ng araw – limitahan ang oras at maglaan ng lilim.

Maghanap ng malamig na lugar

Gumamit ng air-condition o bentilador upang mapanatiling malamig ang inyong bahay. Maglaan ng lilim para sa inyong mga alaga kapag nasa labas. Ang malumanay na wisik ng tubig mula sa hose sa iyong hardin ay makatutulong upang mapanatiling presko ang kanilang pakiramdam. Huwag pabayaan ang inyong alaga sa balkonahe o walang lilim na bakuran kapag mainit ang panahon.

Bantayan ang pagkain at ehersisyo ng alaga

Ang labis na pagkain kapag mainit ang panahon ay maaaring maging sanhi ng labis na init, kaya hayaang kaunti ang kainin ng inyong alaga. Planuhin ang aktibidad sa labas, itaon sa malamig na bahagi ng araw.

Huwag iwanan ang inyong alaga sa nakaparadang sasakyan

Kapag ang temperatura ng hangin sa labas ay 23 degrees Celsius, ang temperatura sa loob ng sasakyan ay maaaring labis na mapanganib. Ang gayong klase ng init ay labis na mapanganib sa mga alagang hayop at maglalagay sa kanila sa panganib ng sakit na may kaugnayan sa init na maaaring mabilis na magsanhi ng kanilang pagkamatay. Base sa pag-aaral ang pag-iiwan ng bintana nang bahagyang nakabukas, o pagparada sa lilim ay hindi pumipigil sa pagtaas ng temperatura sa loob ng sasakyan sa mapanganib na lebel. Sa panahon ng tag-init, mas mainam at mas ligtas para sa mga alagang hayop na manatili sa bahay. Kung kinakailangan ninyong dalhin ang inyong alaga, magdala ng ekstrang susi upang maiwasang aksidenteng makulong ang inyong alaga sa nakakandadong sasakyan.

Maging mapagmasid sa mga senyales ng heat stroke

Kabilang sa mga senyales ang mabilis na pagkahingal, labis na paglalaway, mainit na balat, pagkislot ng kalamnan, pagsusuka at tila nahihilong paningin. Ang heat stroke ay isang seryosong kondisyong medikal na nangangailangan ng kaagad na pagtugon. Kapag napabayaan,ito ay maaaring magsanhi ng pagkamatay. Kumilos nang madali upang pakalmahin ang inyong alaga sa pamamagitan ng pagdadala rito sa malilim na lugar, pagbuhos ng tubig sa inyong alaga, at kaagad na pagtawag ng beterinaryo.

Kapag ang inyong alaga ay aksidenteng nakulong sa sasakyan, tumawag sa 911. Para sa dagdag na impormasyon o kung nakikita ninyo ang inyong alaga na nahihirapan dahil sa init tumawag sa Toronto Animal Services 416-338-PAWS (7297).